

7 Linggó sa Karaniwang Panahón - B

02/19/2012

MAAARING AWIT SA PAGTITIPON

Bayan, Magsiawit na! Arnel Aquino SJ
Bayan, Umawit Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ
Awit (Salmó) 100 Victor Eclar Romero
Purihi't Pasalamatán Simplicio Esteban and E. Hontiveros SJ
Magpuri sa Panginoón E. Hontiveros SJ
Sumigáw sa Galák Nemy Que SJ
Pag-aalaala M. Francisco SJ

Panginoón, Kaawaan Mo Kami

Andante (♩ = c. 90)

The musical score is written in a single system with a treble clef and a key signature of one flat (B-flat). The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 90 beats per minute. The score consists of eight staves of music, each with a line of lyrics underneath. Chord symbols are placed above the staff lines. The lyrics are: 'Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi. Kris-to, ka - a - wa - an mo ka - mi, Kris-to, ka - a - wa - an mo ka - mi, Kris-to, Kris-to, Kris-to ka - a - wa - an mo ka - mi. Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi.'

Dm A

Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi. Kris-to, ka - a - wa - an mo ka - mi, Kris-to, ka - a - wa - an mo ka - mi, Kris-to, Kris-to, Kris-to ka - a - wa - an mo ka - mi. Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, Pa-ngi-no - on, ka - a - wa - an mo ka - mi.

Dm D Gm

Dm A Dm C F

A Dm Gm Dm A

rit. pp

a tempo mf

rit.

Litúrhiya ng Salitâ

UNANG PAGBASA..... Isaias 43:18-19, 21-22, 24b-25
Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang sinasabi ng Panginoon:
“Ang mga nangyari no’ng unang panahon,
ilibing sa limot,
limutin na ngayon.

Narito,
at masdan ang nagawa ko’y isang bagong bagay
na hanggang sa ngayo’y di mo namamasdan.

Ako’y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang,
maging ang disyerto ay patutubigan.

Sila’y nilalang ko at aking hinirang,
upang ako’y kanilang papurihan!

Ngunit ikaw, Israel, ay lumimot sa akin;
at ayaw mo akong sambahin.

Sa halip ay gumawa ka ng maraming kasalanan,
pinabigatan mo ako ng iyong kasamaan.

Gayunman,
ako ang Diyos na nagpapatawad sa iyong mga kasalanan;
dahil sa pag-ibig,
aking nilimot na ang ‘yong pagsuway."

TUGÓN SA SALMO

Sa nagawâ kong pagsuwáy, Poón, akó ay lunasan!

SALMO: Salmo 41:2-3, 4-5, 13-14
Babasahin/aawitin ni

Mapalad ang isang taong tumitingin sa mahirap,
Panginoó’y tumutulong kung siyá ay may bagabag.
Buhay niyá’y iingatan, yamang siyá ang may hawak,
sa kamay man ng kaaway, hindi siyá masasadlak,
at doon sa bayan niyá’y ituturing na mapalad.

Ang Poon din ang tutulong kung siyá ay magkasakit,
ang nanghina niyáng lakas ay ganap na ibabalik.
Ang pahayag ko sa Poon "Tunay akóng nagkasala,
iyo akóng pagalingin, sa akin ay mahabag ka!"

Tulongan mo akó ngayon, yamang akó ay mabuti.
 Sa piling mo ay patuloy na ingatan ang sarili.
 Purihin ang Panginoón, itong Diyós ng Israel.
 Kailanman at saanman, siyá'y ating pupurihin! Amen! Amen!

IKALAWÁNG PAGBASA 2 Taga-Corinto 1:18-22
 Babasahin ni

Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:
 Kung paanong ang Diyós ay tapat,
 gayon din ang salita ko sa inyó:
 ang "Oo" ngayon ay mananatiling "Oo."

Ang Anak ng Diyós,
 si Hesukristo na ipinangaral namin nina Silvano at Timoteo
 ay hindi "Oo" ngayon at pagkatapos ay "Hindi."
 Siyá'y nananatiling "Oo,"
 sapagkat siyá ang katuparan ng lahát ng pangakó ng Diyós.

Dahil sa kaniyá,
 nakasasagot tayo ng "Amen" sa ikaluluwalhati ng Diyós.

Ang Diyós ang nagpatibay sa amin at sa inyó
 sa pamamagitan ng pakikipag-isa kay Kristo,
 at siyá rin ang humirang sa amin.

Tinatakan niyá kami at pinagkalooban ng kaniyáng Espiritu,
 bilang katunayang tutuparin niyá ang kaniyáng pangakó.

MABUTING BALITA..... Marcos 2:1-12

Ang Mabuting Balita ng Panginoón ayon kay San Marcos

Bumalik si Hesús sa Capernaum pagkalipas ng ilang araw,
 at kumalat ang balitang siyá'y nasa kaniyáng tahanan.
 Kaya't nagkatipon ang napakaraming tao,
 anupa't wala nang matayuan kahit sa labas ng pintuan.

Samantalang nangangaral si Hesús,
 may idinating na isang paralitikong dala ng apat na katao.
 Hindi nila ito mailapit kay Hesús
 dahil sa dami ng tao,
 kaya't binakbak nila ang bubong sa tapat niyá,
 at inihugos ang paralitikong nakaratay sa kaniyáng higaan.

Nang makita ni Hesús kung gaano kalaki ang kanilang pananalig,
 sinabi niyá sa paralitiko,
 "Anak,
 ipinatatawad na ang mga kasalanan mo."

May nakaupo roong ilang eskriba na nagsaloob ng ganito:
 "Bakit nagsasalita ng ganito ang taong ito?
 Kalapastanganan sa Diyós iyan!
 Hindi ba't Diyós lamang ang makapagpapatawad ng mga kasalanan?"

Talos ni Hesús ang kanilang iniisip,
kaya't sinabi niyá,
"Bakit kayó nagsasalooob ng ganyan?"

Alin ba ang lalong madali:
ang sabihin sa paralitiko,
'Ipinatatawad na ang mga kasalanan mo,' o ang sabihing,
'Tumindig ka,
dalhin mo ang iyong higaan at lumakad ka'?"

Patutunayan ko sa inyó na dito sa lupa,
ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan."

Sinabi niyá sa paralitiko,
"Tumindig ka,
dalhin mo ang iyong higaan,
at umuwi ka!"

Tumindig naman ang paralitiko,
binuhat ang kaniyang higaan at umalis na nakikita ng lahát.

Silá'y pawang nanggilalas at nagpuri sa Diyós.
"Hindi pa kami nakakikita ng ganito!"
sabi nila.

HOMILYA

PAGPAPAHAYÁG NG PANANÁMPALATAYÀ

PANALANGIN NG BAYAN

- . . Para sa Simbahan
- . . Para sa mga Kinaúukulan
- . . Para sa Nangángailangan, Naghihirap, Maysakit at Yumao
- . . Para sa mga Dumaló sa Misang Itó

Litúrhiyá ng Eukaristiya

Ihahatid ang mga Alay niná

MAAARING AWIT SA PAG-AALAY

Tanging Alay Ko, Ang	
Narito Akó	René San Andrés
Pag-aalay	E. Hontiveros SJ
Awit (Salmo) 027	Victor Eclar Romero
Awit (Salmo) 027	Rey Magnaye
Awit (Salmo) 027: Panginoón, Aking Tangláw	Fruto Ramirez SJ

SANTO, SANTO, SANTO

Santo, Santo, Santo

Moderato (♩ = c. 120)

D A Em A Em A

San - to, san - to, san - tong Pang-i-no - ong D'yos ng

D A Em A

7 ma - nga huk - bo! Na - pu - pu - no ang la - ngit at

Em A D G D

13 lu - pa ng 'yong ka - da - ki - la - an! O - sa - na sa ka - i - ta - a -

Em A D % Em A

20 san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! Pi - nag - pa - la ang na - pari -

D Em A D G

27 ri - to sa nga - lan ng Pang-i-no - on! O - sa - na sa

D Em A D

34 ka - i - ta - a - san, O - sa - na sa ka - i - ta - a - san! *D.S. al Fine*

PAGBUBUNYING PANG-ALAALA

Sa Krus Mo at Pagkabuhay

Andante (♩ = c. 90)

The musical score is written in treble clef with a key signature of one sharp (F#) and a common time signature (C). The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 90 beats per minute. The melody is accompanied by chords: D, Em, A, D, G, D, D, A, and D. The lyrics are in Tagalog and describe the crucifixion and resurrection of Jesus.

Sa krus mo at pag - ka - bu - hay ka -
 mí'y na - tu - bos mong tu - nay, Po - óng He - sus na -
 ming ma - hál, i - lig - tás mo ka - ming ta - nán nga -
 yón at mag - pa - kai - lan - mán.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhíyá sa Tagalog.
 Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero.

DAKILANG AMEN

Victor Eclar Romero

Andante (♩ = c. 98)

The musical score is for a four-part setting of 'Amen'. It features Soprano (S), Alto (A), Tenor (T), and Bass (B) parts. The tempo is marked 'Andante' with a quarter note equal to approximately 98 beats per minute. The chords are C, G/B, F, C/E, F, G, and C. The lyrics are 'A - men, A - men, A - - - - men!'.

A - men, A - men, A - - - - men!

Tugtugin © 2011 Victor Eclar Romero. All rights reserved. www.magsimba.com

PANALANGIN NG PANGINOÓN.....

KORDERO NG DIYÓS

Kordero ng Diyos

Moderato (♩ = c. 100)

D A D/F# D G

Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G D/F# G D

7 la-nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

G A D Bm G

14 — Kor-de-ro ng D'yos, na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

A D Bm G D/A G D

20 la - nan ng san-li-bu - tan, ma - a - wa ka sa a - min. —

D A D/F# D G

27 — Kor-de-ro ng D'yos na nag-a - a - lis ng ma-nga ka-sa-

D/F# G A G A D Bm

33 lanan ng san-li-bu - tan, i - pag-kalo-ob mo sa a - min

G D/F# G D

40 ang — ka - pa - ya - pa - - - an.

Titik © 1982 CBCP Komiténg Pangrehiyón ng Litúrhíyá sa Tagalog.
Tugtugin © 2001-2012 Victor Eclar Romero. www.magsimba.com

MAAARING AWIT SA PAKIKINABANG

Huwág Kang Mangambá Onofre Pagsanghan and M. Francisco SJ
Sa Diyós Lamang Mapapanatag Danny Isidro SJ and Nemy Que SJ
Pintig ng Puso Ko Tagle, Hontiveros
Pananalig Silvino Borres Jr SJ, Baltazar, M. Francisco SJ
Manalig ka Perez
Manatili Ka M. Francisco SJ
Mangingisdâ ng Tao Cesáreo Gabarain

MAAARING AWIT SA PAGHAYÒ

Awit ng Pasasalamat Hontiveros

Awit ng Pasasalamat Hontiveros
 Magpasalamat kayó sa Panginoón Fruto Ramirez SJ
 Awit (Salmo) 067 Victor Eclar Romero

Sa mga sulat-tugtugin, ang « ng » ay isinusulat na « nang » at ang « mga » ay « manga ».
 Palitán ang « Yahweh » ng « Poón »; ang « si Yahweh » ng « ang Poón ».

Nagpapasalamat sa mga mungkahing awitin
 kay G. JR Medina ng Parokya ng « Kalinislinisang Paglilihi kay Maria » sa Vista Verde, Caintâ, Rizal
 at sa Lupon ukol sa Litúrhiya sa Tagalog.

7 Linggó sa Karaniwang Panahón - B | 02/19/2012 | Leksyonaryo 80 | Gulóng B
 Halaw ang mga Pagbasa sa Magandáng Balitâ Biblia © 1980 Philippine Bible Society. www.bible.org.ph
 Litúrhiya. Filipino. www.magsimba.com